

1

Hay, naku naman po... Kurimaw night ba tonight? frustrated na himutok ni Freddie sa sarili habang isinusuksok sa bulsa ang fifty pesos na tip ng huli niyang customer.

Bilis, Frederica, kailangan mong kumuracha nang mabuti at nang makarami ka tonight.

Kailangan niya ang lahat ng maaari niyang kitain sa mga susunod na araw dahil kailangan na niyang bumili ng gamot ng kanyang ama sa probinsya. Buwanan niyang tinutustusan iyon, kasama ang panggastos ng dalawang nakababatang kapatid na pinag-aaral.

Napabuntong-hininga si Freddie habang tila may pakpak sa bilis ang kanyang mga paa sa pagkilos hawak-hawak ang isang round bar tray sa kanang kamay. Siya ang nagprisinta sa ama na tulungan ito sa pagpapagamot ng malala nitong ulcer.

Itinuon na lamang niya ang pansin sa ubod ng ingay na *Club Memphis* kung saan siya nagtatrabaho. Madali naman siyang nakapag-adjust sa Maynila.

Masuwerte pa rin siya dahil maganda ang

Eugene's Proposal - Therese Fajardo

trabaho niya sa club. Nakakapagod nga lang dahil very physical iyon. Waitress slash bartender siya roon. Okay lang dahil mahilig siya sa dance at groovy music. Nakakapag-enjoy siya sa work plus nawawala kahit sandali ang tinatamasa niyang karukhaan sa buhay.

Mataas ang kanyang pangarap. Hindi niya gusto na manatili sa pagtatrabaho sa club buong buhay niya kung puwede rin lang. She wanted to finish college one day—hopefully, sooner rather than later.

Muli siyang napabuntong-hininga. The only way that could happen ay kung may papa-liscious na sugar-daddy material na mai-in love sa kanya.

You wish! natawang sabi niya sa sarili.

Ipinagpatuloy niya ang pagsi-serve ng inumin saka napadako ang tingin sa entrance ng club.

Hay, buo na ang gabi ko, muli ay lihim na pagsikdo ng damdamin niya nang makita sa entrance ng bar si Eugene Prieto.

Regular doon ang binata at crush na niya ito unang beses pa lang niya itong nakita. Guwapo si Eugene, mabait at kahit hindi niya pa confirmed ay halatang mayaman. Ito ang customer na pinakagalanteng mag-tip sa lahat ng nakilala niya.

Eugene's Proposal - Therese Fajardo

Noong una, inakala niya na sa tip nito siya nae-excite, ngunit nang lumaon, natagpuan na lamang niya ang sarili na nami-miss ang presensya nito sa club at ang saglit nilang usapan.

Kahit nasa kabilang trabaho na siya ay basta na lang lumilitaw sa kanyang isipan ang guwapong mukha at masigla nitong ngiti. Akala tuloy ng mga kasamahan niya sa hotel ay nababaliw na siya sa karukhaan. Dangan kasi ay basta na lang siyang nangingiti at napapailing, pagkatapos ay mabilis ding kakastiguhin ang sarili.

She could not afford to daydream—lalo na kung boys ang dahilan. Distraction lang ang mga ito. Marami pa siyang gustong marating sa buhay, ano! May plano siya at gagawin niya ang lahat para matupad iyon. Kaya nga hanggang ngayon ay wala pa siyang nobyo.

Iginala ni Eugene ang mga mata sa paligid na tila may hinahanap bago tumuloy sa bar. Kaagad siyang napangiti pagkakita sa isang pamilyar na mukha.

“Hi, Grant,” masiglang bati niya sa mala-higanteng Black American. Ito ang may-ari ng popular at classy na club na ito sa Malate. Isang expat na na-in

love nang husto sa Pilipinas kaya piniling manirahan at magnegosyo sa bansa.

Mula pa noong college ay lagi na silang nagpupunta sa bar na ito ng mga kabarkada niya. Through the years, naging kaibigan na rin nila si Grant. Hindi na nga lang sila ganoon kadalas ngayon sa club. Karamihan kasi sa mga amigo niya ay may mga pamilya na kung di man nasa isang seryosong relasyon kaya restricted at monitored ng mga selosang nobya. Hindi kagaya niya na free as a bird.

Although aminado siyang may problema siya ngayon sa estado niya.

“Oh, Eugene! How are you doin’, my man?” tuwang balik ng dark gentle giant na si Grant. Kinamayan siya nito nang mahigpit. “I haven’t seen your face here for two weeks! What’s happenin’, huh?” pangungumusta nito.

“Just work,” nakangising sagot niya, sabay kikit-balikat.

Humalakhak si Grant. “Your usual drink, Eugene?” he offered.

Napangiti siya. “Sure, thanks.”

“Your whiskey. It’s on the house, my friend,”

nakangiting sabi nito.

“Thank you, Grant.” Eugene smiled before sipping at his drink.

“So, you’re taking over your dad’s seat soon, huh?” Itinukod nito ang braso sa bar.

Ang tinutukoy nito ay ang posisyon ng tatay niya sa *Prieto Buildings & Designs, Inc.*—isa sa mga pinakamatagal at pinakamalaking architectural and engineering firm sa buong bansa. His family founded it.

At the moment, ang kanyang ama ang chairman of the board. Pretty soon, he would have to step up as his successor. It must be fate—something he could not escape.

Bahagya siyang ngumiti. “Looks that way. God knows when I’ll find the time to visit this cool place again.”

“Well, guess you have to work your ass harder,” biro nito. Nagtawanan sila. “I’ll have to leave you for a sec, Eugene. I see more familiar face,” paalam nito.

Ibinaba niya sa counter ang inumin. Nakalimutan na niya ang pagiging happy-go-lucky mula nang magtrabaho siya sa kompanya. Kinailangan niyang

magseryoso dahil madaming responsibilidad ang nadagdag sa kanya. Maraming expectations sa kanya ang mga magulang niya.

Partikular na ang kanyang ina. Inaasahan nito na sa lalong madaling panahon ay lalagay na siya sa tahimik. Hangga't maaari ay bago o kasabay ng nalalapit niyang pamumuno sa kompanya.

At dahil alam ng kanyang ina na wala siyang nobya ngayon, nagpapaka-matchmaker ito. At ipinagpipilitan pa rin nito hanggang ngayon ang kanyang dating nobya na si Katie Lozano. Sinabi na niya sa ina noon pa na si Katie mismo ang umayaw kaya sila naghiwalay.

It was a blessing in disguise, actually. Minahal niya si Katie, pero hindi pa siya ready para sa seryosong relasyon. At hanggang ngayon ay masaya siya at kontento sa pagbubuhay-binata.

Narito siya ngayon para humanap ng *front* na maipapakita sa ina. Kukuha siya ng female escort. At marami niyon sa *Club Memphis*. Pipili siya ng babae na may dating ang ganda at may class kung kumilos. He didn't care if she was a high maintenance prostitute.

Pinaikot niya ang mga mata sa ere dahil sa inis.

Gusto niyang batukan ang sarili dahil sa sitwasyon niya ngayon.

Dahil sa kakulitan ng kanyang ina tungkol kay Katie ay naibulalas niya na may nililigawan na siyang iba. Nagulat ang mama niya noong una, ngunit napalitan din iyon ng excitement. Nais daw nitong makilala ang dalaga na bumihag sa kanyang pihikang puso. Gusto nitong ma-meet din ng kanyang ama ang nililigawan niya.

Hindi na siya naghabi ng iba pang kuwento dahil baka lalo siyang mapasubo. Kaya sabi niya ay sosorpresahin na lamang niya ang mga ito kapag sinagot na siya ng *dalaga*. Ilang araw niyang iniwasan ang kanyang ina sa pag-asang makakalimutan nito ang sinabi niya, ngunit makulit talaga ito.

Kaya kailangan niya ngayon ng isang maganda, sexy, at mabait na babae na magpapanggap na nobya niya. Why not an escort girl? Ang babae na maraming pagpipilian ay malabong pumayag sa gusto niya. Isa pa, ayaw niya ng sabit. Sa pagkakaalam niya, high class G.R.O.s were not just pretty faces. May brains din ang mga ito. At kung may usapan at kasulatan na, wala siyang problema.

Natural, may mga kakilala rin siyang babae na papayag sa gusto niya, pero duda siyang makakawala

Eugene's Proposal - Therese Fajardo

siya nang basta-basta sa kahit sino sa mga iyon. Ganoon siya kaiwas sa relasyon. Pati ang mga naging one-off flings ay tinitiyak muna niyang one-night stand din ang habol sa kanya at wala nang iba. He might sound bad, pero hindi pa talaga siya handa para sa isang commitment.

Inisa-isa niya sa isip ang criteria na hinahanap niya para sa magpapanggap na nobya. Maganda at sexy siyempre. Mabait at dapat ay bubbly ang personality. He wanted someone who had sense and could handle smart conversations, especially with his mother.

Yeah, someone like... Freddie!

Biglang nagliwanag ang kanyang mukha pagkakita sa pinakamaganda at pinakaseksing waitress/bartender na nakilala niya. Mula sa dance floor ay sinundan niya ang maliksi ngunit graceful na kilos ng dalaga habang nagsi-serve ito ng inumin.

God, ang tanga-tanga ko! ani Eugene sa sarili. How could I have missed her?

Bigla niyang nakita ang dalaga nakasalo niya sa isang very romantic candlelit dinner. Napangiti siya. What's not to like about Freddie? Seksing-seksi ito sa suot na itim na spaghetti-strapped blouse. It

emphasized her well-endowed body, especially her breasts. Flat na flat ang tiyan nito at proportional ang lapad ng balakang na agaw-tingin sa suot na distressed jeans. Her hair was dark, very long, and done in fine dreadlocks from root to tips. Hindi marahil bagay ang style na iyon sa iba, but she pulled it off beautifully. He smiled. Alam niyang naka-wig ito. Last time he saw her, she had been a blonde bombshell.

He then imagined her in a nice evening dress, nakalugay nang maayos ang buhok, with light makeup.

Hmm, puwedeng-puwede...

Hindi niya inalis ang tingin sa papalapit na si Freddie.

Pinipilit ni Freddie na kontrolin ang pagsikdo ng dibdib habang palapit sa bar kung saan naroon si Eugene. Iginigiit niya sa sarili na hindi siya ang sinusundan ng tingin ng binata, kahit kanina pa niya natitiyak na iyon ang ginagawa nito.

Patuloy na tinitigan ni Eugene ang dalaga. Ngayon ay mas malapit na sila sa isa't isa. He could almost touch the elegant shape of her cheekbones and

her fine jaw line. He focused on the natural allure of her lips and smoldering eyes. She was gorgeous. At napakaseksi talaga.

“One iced margarita and one vodka martini with two olives please, Grant,” malakas niyang sabi. Lihim na sumisirko sa kaba at kilig ang puso niya habang nakatayo sa tabi ni Eugene.

Kaagad na tumalima si Grant.

Hearing Freddie's voice, Eugene knew right then that she would be the perfect girl for the stunt.

Habang naghihintay ay bahagyang iniimbay ni Freddie ang katawan. Sumasabay rin siya sa kantung pumapailanlang nang mga sandaling iyon upang mabawasan ang tensyon niya.

Nang mapaligon siya sa kanan ay nakita niya si Eugene na namumungay na yata ang mga mata sa kalasingan na nakatingin sa kanya. Napalunok siya.

Then she smiled at him flirtatiously. Bahagya niyang ikiniling ang ulo sa kanyang kanang balikat without breaking eye contact with him. And then she looked at him more provocatively. Noon inilapag ni Grant ang kanyang order.

“Thanks, Grant,” aniya.

Eugene's Proposal - Therese Fajardo

Damn it! Eugene cursed himself.

Paanong hindi? He was going to say something. Ngunit tila napipilan siya nang ngitian at patuksong titigan ng dalaga.

Kailan ka pa nagkaganyan, Eugene? sita niya sa sarili. *Once or twice before when she looked your way,* sarkastikong dugtong niya.

“See ya, Hotshot!” ani Freddie. At nagpalipad siya ng isang mapang-akit na halik sa direksyon niya bago mabilis na tumalikod. Napalunok siya.

2

Boys are a waste of time, Freddie! paalala niya sa sarili.

Talaga lang, ha? Eh, bakit ka nakikipag-flirt kay Eugene?

Hello! I work in a club, I'm allowed to do that—well, sometimes, depensa niya kaagad.

Mabilis siyang bumalik sa bar pagka-serve ng mga inumin at dumaan sa gilid. Kaagad siyang nagsuot ng kulay itim na bistro apron.

“I’m here, Grant,” anunsyo niya sa amo. Siya muna ang papalit sa puwesto nito hanggang sa matapos ang kanyang shift. Mas gusto nga niya iyon kaysa umikot nang umikot sa loob ng club.

“Thanks, Sweetheart,” nakangiting sagot nito. “Have a beer or something,” anito. Hindi kuripot si Grant. Ito rin ang nag-train sa kanya sa bartending.

She smiled. “Thanks, Boss!”

Sabado kaya maraming tao sa club. Punung-puno ang bar. Kahit busy siya, she had this strange feeling na parang may nanonood sa kanya—si Eugene.

Eugene's Proposal - Therese Fajardo

Mabilis ngunit masusing pinasadahan niya ito ng tingin. His eyes were very attractive. Tantiya niya ay nasa late twenties or early thirties nito ang lalaki. He had a very slight cleft chin and his hair was shaggy, the length being just above his shoulders. Napangiti siya. He looked strong and rugged, but it only made him more good-looking.

Itinaas ni Eugene ang hawak na baso, hudyat na gusto pa nito ng isang round ng inumin. Alam na niya ang drink na gusto nito. Ngumiti siya sa nakangiti ring binata saka pumihit paharap sa malaking bar shelves upang kunin ang isang bote ng *Jack Daniel's*.

“Kumusta ka na, Gene?” nakangiting bati niya habang nagsasalin ng whiskey nito. This time, hindi na flirtatious iyon, friendly na lang.

“I’m good, Freddie, especially now that you’re near.” He beamed her his sexiest smile.

“Sige ka, baka mamaya isipin kong ako ang dahilan kaya ka narito ngayon,” biro niya pagkatapos pumalatak.

Eugene cleared his throat. “Well, ikaw talaga ang sadya ko.”

Napakurap siya sa narinig. She gaped at him.

What's he playing at?

Tila sinamantala ng binata ang kanyang pagkalito.

“Freddie... I have a proposal to make.”

Bigla siyang kinabahan. “W-what is it?” aniya, pilit ang ngiti.

“I need a girl who would...”

Na-freeze ang ngiti sa kanyang labi. Bigla siyang nadismaya sa binata. Yayayain siya nitong lumabas bilang escort girl? Gusto niyang mainis kahit na hindi na iyon bago sa kanya. Masyado ba siyang nag-expect kay Eugene? Na hindi ito katulad ng ibang lalaki na iisa ang tingin sa mga kagaya niya na sa night club nagta-trabaho?

She had nothing against escort girls—or however people labeled them. In fact, ang best friend niyang si Laiza ay escort sa *Memphis* mismo. Ang kinaiinisan niya ay ang mga lalaking nag-aaya sa kanya at kapag tinanggihan ay gumagawa ng eksena.

“I’ll get Grant para tulungan kang maghanap—”

“No! I want you!”

Napaawang ang mga labi niya at manghang

napatitig sa lalaki.

“P-pasensya na, pero hindi kasama sa job description ko ang mag-escort,” pilit pa rin ang ngiting sabi niya. Akmang tatalikuran na niya ang lalaki nang bigla nitong hagipin ang kanyang braso.

“T-teka sandali, it’s not what you think, Freddie! Magpapaliwanag ako,” mabilis na sabi nito, hawak pa rin ang braso niya.

Hindi maisip ni Eugene kung bakit tila hindi nito mabitawan ang pagkakahawak sa dalaga.

Kinabahan si Freddie. Why did she flirt with him in the first place? Kasalanan niya yata ito.

“Grant!” ubod-lakas na tawag niya sa amo na tiyempong palapit noon sa kinaroroonan nila. Pumiksi siya upang makawala sa pagkakahawak ng lalaki sabay distansya rito.

Takbo to the rescue si Grant. Sa isang iglap ay nasa tabi na niya ang amo. Tiyak niyang walang panama si Eugene dito pagdating sa laki ng katawan. Kaagad siyang lumipat sa kaliwang side ng amo. Para siyang bata na nagsumbong sa tatay.

“What’s wrong, Hon?” kaagad na tanong ni Grant.

“This guy is harassing me!” aniya, sabay turo kay Eugene.

“No, I’m not!” tanggi ng kaharap nila.

“Who? Eugene?” tila nagulat na tanong ni Grant, hindi makapaniwala. Natawa pa nga ito.

“It’s not funny, Grant,” sambakol ang mukhang giit niya.

Tumigil ito sa pagtawa saka nagseryoso. “What’s the problem, Hon?”

“H-he needs a girl to... whatever! I already told him I’m not an escort,” sumbong niya, “but he—”

“It’s a total misunderstanding. I can explain,” agaw ni Eugene.

Kumunot ang kanyang noo. At gagawin pa siyang sinungaling ng lalaking ito ngayon? Kinabahan talaga siya nang pigilan siya ng binata kanina. Paano siyang hindi magre-react sa sinabi at inasal nito?

“Well, go on then, Buddy,” ani Grant sa binata.

“This may sound crazy but I need a girl who’ll pretend as my girlfriend,” napabuntong-hiningang sagot ni Eugene. “And I want Freddie for the job.”

“Oh!” sabay na bulalas nila ni Grant.

“Surely, you have enough girls who’ll be game enough for that,” anang amo niya.

Mismo! taas-kilay pero tahimik na sang-ayon niya.

“I’m afraid those girls will only be too demanding in the end. I just need someone to introduce to my parents soon,” nakangiwing sagot ng binata.

Hmm, bakla kaya ’to? biglang saad ng isip niya.

Kaya ba kailangan nito ng magpapanggap na nobya?

“I thought you and Katie Lozano are an item again?” ani Grant.

Katie Lozano—isa sa pinakasikat na model sa Pilipinas ngayon. So, bakit kailangan ng engot na si Gene ng pretend girlfriend kung may totoo pala itong nobya?

“Huh? How did you know about that?” nagtatakang tanong nito.

“It’s on the news,” bale-walang sagot ni Grant.

Talaga? Ganoon ka-bigatin ang guwapo na ito?

Umiling ang binata. “Don’t believe everything you read on the papers. I don’t have a girlfriend. And

I'm not ready for the kind of commitment my parents expect of me." Bumuntong-hininga ito na tila pasan nito ang daigdig. "Please, Freddie, I need your help," samo nito, nasa mga mata ang pakiusap.

"Bakit ako?" aniya, sabay turo sa sarili.

"You're beautiful, sexy, and you speak eloquently. My parents would approve of you. Please, Freddie? You're the right girl for the job."

Nagkatinginan sila ni Grant bago parehong muling ibinalik ang tingin sa binata.

"I'll pay you good money, I promise," dagdag nito.

Tila may nagliwanag na bombilya sa isip niya. She looked at Grant again, parang hinihingi ang payo nito. Ngumiti ang boss niya at tumango. Alam nito ang drama niya sa buhay. Ibinalik niya ang atensyon kay Eugene na tila nagpapaawa habang nakatingin sa kanya.

"Isang beses lang? Ipapakilala mo lang ako sa parents mo, iyon lang?" paniniguro niya.

"Uh—yes... n-no," litong sagot ng binata.

"No?" nakataas ang kilay na ulit niya.

"I... I mean yes." Gustong kutusan ni Eugene ang

sarili. "Yes, just once."

"And no sex involved, right?" paniniyak ng dalaga.

"No!" mabilis na sagot nito sabay iling. "I'll give you a check for fifty thousand."

"Fifty thousand?" Napasinghap siya. "You're on," walang kagatol-gatol na pagpayag niya.

Napaawang ang bibig ni Grant.

"Okay." Nagulat man nang kaunti ay napangiti kaagad si Eugene sa sagot ng dalaga. Inilahad nito ang kamay.

Nakatingin lamang si Grant nang abutin niya ang kamay ni Eugene. Kinakabahan siya, siguro dahil wala siyang experience sa pakikipag-relasyon. Pero okay lang iyon, mahusay siyang makitungo sa ibang tao. Sigurado siyang mapapakiharapan niya nang maayos ang mga magulang ni Gene. And he wasn't bad for a pretend boyfriend. Instant taba na ang kanyang puso, instant taba pa ang kanyang bank account!

3

Pumayag si Freddie sa suhestyon ni Eugene na sa bahay nito na siya magpahinga. Sa gayon umano ay maaari silang tumuloy kaagad sa couturier kinabukasan upang pumili ng maisusuot niya sa dadaluhan nilang dinner party kung saan siya nito ipapakilala nang pormal 'kuno' sa mga magulang nito.

Sa labas ng *Memphis Club* ay tumigil sila sa tabi ng isang kulay silver na sedan. Latest model.

"S-sa iyo 'to?" hindi napigilang usisa niya sabay turo sa kotse.

"Yep," matipid nitong sagot. Ipinagbukas siya nito ng pinto.

"T-thanks," aniya, napangiti.

"I'm a gentleman." Eugene grinned.

Napapailing na lamang na umupo na siya sa passenger seat. Saka niya pinasadahan ng tingin ang malinis na interior ng kotse.

"Love the car," she commented nang makaupo ito sa driver's seat.

Gusto niya ring makabili ng sariling kotse. Hindi kailangang *Mercedes Benz*. Basta kanya sana.

“It’s a great car,” he said.

Mga fifteen minutes lang silang nagbiyahe. Namangha siya sa condo unit nito. Nasa magandang lokasyon iyon, na hindi na niya ipinagtaka. Tumuloy sila sa parking lot sa second floor ng ten-storey building. Pagkatapos niyon ay sumakay sila ng elevator. Sila lamang dalawa ang sakay niyon.

“What?” dudang tanong niya nang mapansing nakatitig ito sa kanya.

“Wig ba iyan?” curious na tanong nito, hinawakan ang sariling buhok. He was referring to her dark and long wavy locks.

Tumawa siya. “No, ito ang talagang buhok ko.” Hinawi niya iyon bahagya.

“It’s really lovely,” saad nito.

“Sa penthouse ka nakatira?” hindi makapaniwalang tanong niya nang i-press nito ang button para roon. Her eyes widened.

“Uh-huh,” nakangiti at matipid nitong sagot.

“*Dios Mio*, gaano ka ba kayaman talagang lalaki

ka, ha?” namamangha pa ring tanong niya. Eugene laughed and opened his mouth to answer. “Don’t answer that, please.”

“I wasn’t going to, Freddie. You’re incredible, do you know that?” natatawang sabi nito.

“And so are you.” She grinned.

Lalo siyang namangha nang papasukin siya ni Eugene sa unit nito. Tumingala siya sa kisame at inilibot ang mga mata. Beautiful structures were her cup of tea. Naglakad siya patungo sa malalawak na bintana. Nakapinid ang blinds kaya kitang-kita niya mula roon ang magandang view ng *Manila Bay*. Buildings and designing structures had always been her thing. Pangarap niyang maging magaling na arkitekto balang araw.

“Pangarap kong makagawa ng ganito kagandang building balang-araw, Gene.” Her eyes were hopeful nang pumihit siya paharap dito.

“Talaga?” Eugene asked with enthusiasm.

“Oo. Architecture ang kurso. Hindi pa nga lang ako tapos,” malungkot ang ngiting sagot niya.

“You can work with me then, Freddie. I’m an architect myself,” he disclosed.

“Really?” She couldn’t believe her ears.

“Yup! So, don’t give up on your dream, Freddie.”
He smiled sincerely.

“Never. Kaya nga ako nagtatrabaho nang sobra.”
Napatigil siya sa pagsasalita dahil nakatitig ang binata sa kanya. Nakaramdam siya ng pagkailang.

“I’m glad you accepted my proposal, Freddie. Alam kong ikaw ang makakatulong sa problema ko. At inisip ko rin na makatulong iyong pera sa iyo.”

Gan'on? Akala ko pa naman special ako kaya it had to be me, lihim na himutok niya.

Tila nakadama siya ng kaunting pagkadismaya.

Binuksan nito ang isang kuwarto. “Anyway, you can sleep here—”

“Ay, huwag na. Dito na lang ako sa sofa,” tukoy niya sa malaking settee sa pinaka-living room.

“Don’t be silly. Alangan namang patulugin ko ang girlfriend ko sa sofa,” pabirong sabi nito. “Ang problema lang, sira ang doorknob nitong kuwarto at hindi ko pa naayos. It may not stay shut—”

“Okay lang iyon, Gene,” patirik ang mga matang sabi niya. “Sa bahay namin sa probinsya, kurtina lang

ang pinto ng kuwarto naming magkakapatid. Kaya ayos lang talaga.”

Ngumiti lang ito ulit. “Kung gusto mong mag-shower may fresh towels sa bathroom,” pagbibigay-alam nito. Itinulak nito pabukas ang sirang pintuan.

“Sleep well, Freddie. I’ll wake you up at nine?” he asked.

“No problemo, Boss!” nakangiting sagot niya. Itutulak na sana niya pasara ang pinto nang maisipang sumungaw sa labas ng silid. Eugene was walking to the kitchen. “Thank you pala!” sigaw niya.

“You’re welcome!” he yelled back.

Nang itulak niya ang pinto ay tinesting niya kung sasara iyon. Hindi gaanong nakausli ang latch kaya may tendency talagang bumukas. Useless din na i-lock iyon. Nagkibit-balikat siya nang tantiya niya ay sarado na iyon. Magaan ang mga hakbang na nagtungo siya sa malambot na queen-sized bed kung saan siya naghubad. Saka siya tumayo sa harapan ng salamin sa dresser.

Papasok na si Eugene sa sariling silid upang matulog when he caught a glance of Freddie’s

slightly open door. Hindi siguro nito napansin na nakabukas pa iyon. Ngunit napabalik-tingin siya nang mabistahan ang dalaga na walang saplot sa harap ng malaking salamin habang nagpupusod ng buhok.

Oh, sweetness...

Napalunok ang binata. He wanted to look away but he couldn't. Nanuyo ang lalamunan niya, parang uhaw na uhaw siya. Bumilis ang tibok ng puso niya. Para itong diyosa na nakatayo lang doon, hindi pinapanood ang sarili kundi inaayos ang buhok nito.

Awtomatikong naglikot ang kanyang imahinasyon.

At ngayon ay tayong-tayo na ang kanyang pagkalalaki.

Damn! mura niya sa sarili.

Hindi tamang makadama siya ng gayon sa kanyang bisita. Mabuti na lamang at mabilis din itong umalis sa harapan ng salamin. Para siyang nahimasmasan. Nasa shower siguro ito. Kung hindi nito ginawa iyon ay baka kung ano na ang nagawa niya.

He sighed drastically. Hawak ang doorknob ng akala niya ay nabuksan na niyang pinto, bigla siyang pumihit paharap doon upang pumasok. Pero

bumangga siya sa pinto. Kanda-ngiwi ang kanyang mukha habang pigil-pigil ang sariling huwag mapahiyaw nang malakas. Naitakip niya ang kamay sa matangos na ilong. Then he realized that it was bleeding.

Gustung-gusto niyang kutusan ang sarili dahil sa hindi sinasadyang pamboboso kay Freddie.

Nagtaka si Freddie kinabukasan nang makitang may pasak na nakarolyong tissue ang kanang butas ng ilong ni Eugene.

“Good morning,” bati nito.

“G-good morning. Ano’ng nangyari sa ’yo?” curious niyang tanong.

Alangan namang sagutin nito nang matapat ang concerned na tanong ng dalaga.

“D-dumugo ang ilong ko. I-it’s the hot weather,” sagot nito habang nakatalikod sa kanya at naglalagay ng tubig sa electric kettle.

“Ah, okay.” Nagkibit-balikat na lang siya.

Nagkasundo sila nito na sa *Shangri-La Mall* na lamang pupunta upang bumili ng damit niya.

Excited siya noong una ngunit naalibadbaran siya sa dalawang nadatnang customers na certified na mga mapangmatang bratinellas.

Sinuyod siya ng tingin ng mga ito mula ulo hanggang paa, tila ba sinasabing hindi siya bagay roon sa simpleng gayak niya. Halatang mamahalin ang bestida at sapatos ng mga ito, samantalang napakasimple ng sleeveless blouse niya. Idagdag pa ang lumang pantalon at work boots.

Hmm, kung sa ganda rin lang naman...

Hindi na niya itinuloy ang iniisip. Nginitian na lang niya ang mga ito. Dobleng ingos ang kanyang nahita. Sinumpong tuloy siya ng kamalditahan.

“Kita mo ‘yung dalawang halatang maldita doon sa kabilang side ng shop?” aniya sabay dikit ng kaunti sa katabing binata upang marinig siya nito nang maayos.

“Hon, let’s take a look at the dresses over there,” aya niya kay Eugene, tama lang ang lakas ng boses para marinig ng dalawa.

Nakita niyang napataas ang kilay ng mga ito. Ang rack na tinutukoy niya ay nasa harapan ng dalawa.

“Sure...” Nakangiting sumunod ang binata. Tila

nakuha nito ang nais niyang gawin.

Inalalayan pa nga siya nito habang mabagal silang naglalakad patungo sa istante. Isang nang-aarok na ngiti ang ipinukol niya sa mga babae na kanda-tigas ang mga leeg sa inis sa kanya. Biglang nagbulungan ang mga ito.

Tuwang-tuwa si Freddie sa kalokohan niya. Pasimple siyang tumingin sa naka-hanger na mga damit na talagang nakakalula ang presyo. Nang may magustuhang evening dress ay sinabi niya na gusto niyang isukat iyon.

Tingnan ko lang kung hindi tumaob ang mga fez ninyo! pilyang sabi niya sa sarili habang tinutulungan siya ng shop assistant na magbihis.

Paglabas niya ng fitting room ay nakatalikod sa kanya si Eugene at kausap ang manager sa counter. Suot ang mataas na takong na in-offer din ng assistant ay humarap siya salamin. Kitang-kita niya mula roon ang inis na mukha ng dalawang bratinella.

“Honey!” tawag niya kay Eugene, tumalikod na sa salamin.

Pagpihit nito paharap sa kanya ay nawala ang ngiti na nakahanda sa labi nito. Para itong nahipnotismo sa pagkakatingin sa kanya.

Isang simpleng itim na spaghetti-strapped dress lamang ang suot ni Freddie ngunit tila lalong na-enhance ang assets ng dalaga. Napaka-sexy talaga nito.

He stepped back a little bit para ipatong sana ang siko niya sa counter. Pero medyo malayo na pala siya sa counter, kaya muntik na siyang matumba nang sana ay sasandal siya. Mabuti na lamang at mabilis ang kanyang reflexes at nakabawi kaagad siya.

Why does this happen to me whenever I look at you with... and without clothes?

“Ah, Hon,” he cleared his throat, “you look absolutely captivating.” Alam niyang hindi na siya nagpapanggap para sa *laro* ni Freddie.

Nakalimutan na ng dalaga ang mga nang-inis sa kanya kanina. Sa ayos niya ngayon, sino ang mag-aakala na ni wala siyang balak na bumili ng damit na iyon na nagkakahalaga ng limang libong piso? At sino rin ang makapagsasabi na hindi kanya si Eugene?

Anyone would think he was crazy for her just by looking at the way he acted around her.

Sweet mother of...

Eugene's Proposal - Therese Fajardo

Napigil ni Eugene ang hininga nang mabungaran si Freddie sa silid nito. Naghahanda ito para sa dadaluhan nilang formal party. Hindi siya makapaniwalang abot-kamay lang niya ang pinakamagandang babaeng nakilala niya.

Huwag kang bastos, Gene. Off-limits si Freddie, okay? paalala niyang muli sa sarili.

Saka siya napabuntong-hininga. “Ready, Hon?” nakangiting tanong niya sa dalaga na nakaharap sa malaking salamin sa dressing table.

Nasa labas pa rin siya ng silid nito, hawak ang doorknob. Ayaw na niyang lumapit pa dahil napakaganda ng dalaga. Takot siya na baka hindi niya mapigilan ang sarili na hapusin ang nakakaakit na mukha nito.

Bagay na bagay rito ang light gold na kulay ng suot na bestida. Hindi rin gaanong revealing ang damit. Mahusay ang pagkakapusod ng mahabang buhok nito na nag-emphasize sa low cut nitong gown at makinis na likod.

Napailing siya sa sarili, dressed or undressed, kay lakas talaga ng impact sa kanya ng dalaga. And when she was dressed to the nines like tonight, all he could think of was the number of ways he could

undress her. He could do it by carefully unzipping her dress. At pagkatapos ay mamasdan niya ang dahan-dahang pagkakahantad ng maalindog nitong katawan sa kanya, hanggang mahulog sa sahig ang damit nito. O kaya ay buong init niyang sasakupin ang tiyak na kay lambot nitong mga labi sabay punit sa damit nito.

Kailan pa siya naging ganito kapilyo sa isang babae?

“A-almost. I need your help,” alanganin ang ngiting sagot nito.

Ipinakita nito ang hawak na kuwintas na katerno ng bigay rin niyang mga hikaw. Nahihirapan itong isuot ang kuwintas.

He sighed softly saka tuluyang pumasok sa silid.

Napalunok nang lihim si Freddie nang nasa likuran na niya si Eugene. Kinakabahang iniabot niya sa binata ang kuwintas upang maisabit nito iyon sa kanyang leeg. Hayun ulit ang pamilyar na talon ng kanyang puso nang magdantay nang kaunti ang kanilang mga kamay.

She had never stood this too close to a man

before. Ngunit tila pinananabikan niya ang bawat eksena nila ng binata.

Behave, Freddie! It's just a job, okay? paalala niya sa sarili.

Nahihirapan siyang gawin iyon lalo na at tila mas gumuwapo si Eugene sa suot nitong itim na tuxedo. His long, jet black hair was roughly brushed backwards.

Hindi nagkakalayo ang kanilang height. He must be about six-two, and she was five-eight. Kung bigla silang magkakaharap nito ay mahahalikan niya ang mapang-akit nitong mga labi!

Freddie, control your self! saway niya sa sarili.

“There.” Eugene smiled. Inayos nito ang pendant ng kuwintas. In the process ay humaplos ang mga daliri nito sa makinis na dibdib niya.

Damn! he cursed himself nang madamang kumislot muli ang pagkalalaki. Gusto nitong magsisi kung bakit hindi na lang nito seryosong niligawan ang dalaga. Now everything between them was dictated by a contract. At hindi siya bastos.

“T-thanks...” nakangiting sagot ni Freddie na pilit itinago ang reaksiyon dito. Iisipin niya na aksidente

lamang iyon. It meant nothing.

Namula ang mga pisngi niya nang matagpuan na pinapanood siya ng lalaki sa salamin. Ngunit pakaswal lamang siyang ngumiti.

“You’re so beautiful, Freddie,” di-napigilang saad nito.

“Thank you,” she said bashfully. “You don’t look too bad yourself, Boss,” biro niya.

He smiled and extended his arm. “Shall we go, Hon?”

She smiled sweetly. She must admit na excited siya kahit paano. Tumango siya at humawak na sa siko nito.

“I must admit, Francis, this really is a surprise,” nakangiting sabi ni Eloisa, ang ina ni Eugene. The woman was sophisticated and beautiful.

Tiyak ni Freddie na mas matanda ang edad nito kaysa sa bata nitong mukha. Katatapos lamang siyang ipakilala ng *noby* sa mga magulang nito. Right, Frederica ‘Freddie’ Yambao—Eugene’s *official girlfriend*. Nakipagbeso pa sa kanya ang mabuting ginang. Magalang niyang tinanggap ang halik nito.

“Tama ka, Mommy. Kaya pala walang makaagaw sa atensyon ng binata natin, ano?” nakangiti ring sang-ayon ni Francis, ang ama ni Eugene.

Tantya niya ay nasa middle sixties ang edad nito at may hawig dito ang anak. Guwapo pa rin ito kahit may edad na.

Matamis siyang ngumiti. “Si Gene lang din po ang nakakuha ng atensyon ko,” aniya at nilingon ang binata.

“Oh, they’re so sweet, Hon, just like us when we were younger,” parang kinikilig na saad ni Eloisa, at umangkla sa braso ng esposo.

“Nah. We were sweeter.” Francis grinned. “We are very pleased to meet you finally, Freddie,” tapat na sabi nito.

Isang masaya at nakangiting tango ang idinagdag ni Eloisa.

Kahit nginangatngat ng guilt ang kalooban niya ay pinilit niyang ngumiti nang matamis sa mga walang-malay na magulang ni Eugene. Inisip na lang niya na malaking tulong sa pamilya niya ang fifty thousand na ibabayad sa kanya ng *noby*.

Hindi nagtagal ang pakikipag-usap nila sa

Eugene's Proposal - Therese Fajardo

mga magulang nito dahil may iba pang bisitang inaasikaso ang mga ito. Pinangunahan ng mga ito ang pagdiriwang na iyon sa *Manila Yacht Club*. Fundraising iyon na nakalaan sa housing project para sa mga kapos-palad sa kalakhang Maynila.

At ngayon ay alam na niya kung bakit ang gabing ito ang pinili ni Eugene na pagkakataon upang ipakilala siya bilang *noby* sa mga magulang nito. Busy ang mga ito. At dahil doon ay hindi na sila halos naharap ng dalawa. More so, hindi na nakapagtanong nang marami ang mga ito.

Mas kabado pa siya sa isipin na mami-meet niya ngayon ang ex-girlfriend ni Eugene na si Katie. At gayon nga ang nangyari.

Bakas na bakas sa mukha ng dalaga ang pagkagulat nang makita na may kasamang iba si Eugene.

“Hi, Katie,” masayang balik ng *noby* nang batiin ito ng ex-girlfriend nito.

“H-hi,” nakangiti rin na bati niya sa kaharap. Pinilit niyang itago ang pagkaasiwa sa sitwasyon.

“Katie, I’d like you to meet the love of my life—Freddie. Freddie, meet the very famous Katie Lozano,” casual na saad ni Eugene.

Eugene's Proposal - Therese Fajardo

Mabilis niyang inilahad ang kamay sa dalaga. Lihim niyang nausal na sana ay hindi ganoon katindi ang panlalamig ng kanyang palad. Pero natutuwa siyang makilala ang pamosong modelo. Salamat kay Eugene at nagkaroon siya ng ganitong pagkakataon. Talagang napakaganda at napaka-sexy ni Katie. Hindi niya lubos na maintindihan ngayon kung bakit ito iniwasan ni Eugene.

“Nice to meet you, Katie.” Napalunok siya nang mapansin na biglang nagbago ng expression ng dalaga. Naging stiff and composed ito. Marahil ay nasaling ang pride dahil kagaya niyang *nobody* ang ipinalit dito.

“Pleasure is mine, Freddie.” Katie accepted her polite gesture then opened her mouth as if to say something else, ngunit maagap na nagsalita si Eugene.

“Pasensya na, Katie. Nagugutom na kasi ako. At gusto ko pang ipakilala si Freddie sa ibang bisita,” paalam nito.

“Y-yeah, sure. See you later,” saad nito, di nawawala ang poise.

Ngiti at kaway ang ibinigay ni Freddie rito bago sila nagpatuloy sa paglalakad. Nang tuluyan silang

Eugene's Proposal - Therese Fajardo

makalayo ay napailing na binalingan niya ang binata.